PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrkb.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: 0920-911-1398 or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com | www.openacademy.ph

# Sheat Blight

Hiwa o sugat sa palapa o bahaging ibababa ng dahon dulot ng amag.

Sa mga batik ay nabubuo ang mga bahaging nakakalalin na tinatawag na sclerotia.

- Ang sheath blight ay bunga ng isang anyo ng amag na tumutubo sa halaman.
- Ito ay sakit ng palapa ng palay na sanhi ng amag.
- Unang naapektuhan ang panlabas na talukap ng dahon ng palay at lumalawak ito hanggang sa umabot na ang panloob na talukap na dahon ng palay.
- Umaabot ng 40 porsyentong pagkalugi sa ani ang palayang tinamaan ng sakit na ito.

**Yugto ng palay kung saan madali itong kapitan ng sakit:**

- Umaatake sa kalagitnaan ng pagsusuwi hanggang sa paggulang ng palay. Sa panahon ng paglilihi hanggang sa pamumulaklak ng palay nagiging kritikal ang epekto nito sa palayan.

**Pamamahala:**

- Maglagay lamang ng sapat na nitrohenong pataba.
- Linisin lagi ang paligid ng palayan upang mapigilan ang pagkalat ng amag.
- Gumamit ng *fungicide* kung kinakailangan lamang.
- Bago magtanim, araruhin ng mabuti ang palayang tinamaan ng sheath blight upang maiwasan na ang pagkalat nito sa susunod na taniman.

Pinaghalawan: Outsmarting rice pests and diseases, Philippine Rice Research Institute

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice